

# PROLOGUE

*I watch the clock with anticipation. The second hand walks slowly across the clock's face and my patience seems to be running out. Two minutes more to go and the clock will strike ten past twelve. Two minutes... Not much. Yet to me the wait is an agony.*

*Lord knows how many times I have stood up from my chair to walk by the window and look over to see the crowd outside. I can feel my sweat building up across my forehead. My heart beating twice the speed of the second hand of my watch. No, thrice the speed. Or maybe more. I sit by the window sill and stare out at that busy sidewalk. And Lord knows, too, how many times I glance at my watch. I have less than a minute more to wait and it seems like I will be waiting forever.*

*For three months, at this exact time, I gaze at the crowd outside my window. The faces that walk by are still alien to me except for one, and that only one is you. There you are, walking gracefully across the busy pedestrian lane. You're at least thirty meters away from where I am, yet your features are clear to me. Your hair is like a black film that frames your delicate face. Your dark brown eyes mystify me. If I*

*Breaking the Ice by Hannah Lavillah*

---

*can only hold you close, I will let myself drown into your eyes until I lose track of time. I will have your long lashes brush across my face as I trace my nose gently against the contours of your smooth cheeks.*

*How I would give anything! Anything at all just to have your dainty hands over my chest and let you feel how my heart beats for you. And it would be more than a blessing to feel your soft smile touch my lips.*

*Everyday, I wait for you to pass by my window at exactly ten past twelve for more than three months. I have known every detail of your face so well... and on how you walk. I can almost hear the sweetness of your laughter. And behind that laughter I can imagine your voice whispering in my ear. To me, you are a portrait of a dream drawn by reality.*

*If I only knew your name.*

# 1

“Wala na ba ‘yung mga mansanas na inuwi ko n’ung isang linggo?” usisa ni Kennie habang naghahanap ng maaalmusal sa refrigerator.

“Ay! Kinain na yata ni Mandy ‘yung huling piraso kahapon,” sagot ni Mely, ang kasambahay niya. “May avocado pa diyan, ah. Gusto mo, ipaghiwa kita? Masarap ‘yun lalo na kung lalagyan ng condense milk.”

Sinara ng dalaga ang pintuan ng ref at ang freezer naman ang binuksan. “Ayoko. Di ko feel ang avocado ngayon.” Ang mga ubas sa fruit bowl na lang ang naisip niyang kainin.

Pumasok si Mandy sa kusina. “Ate Mely, ipag-toast mo naman ako ng tinapay. Tapos lagyan mo ng coco jam. Lagay mo sa sandwich bag. Babaunin ko.” Naibaling nito ang pansin sa kanya at marahang hinatak ang mahaba niyang buhok. “Ang gulo ng buhok mo, Ate. Magsuklay ka nga.”

Pabiro niyang binato ng isang pirasong ubas ang labing-walong gulang na kapatid. “Che!” sikmat niya. “At saan ka pupunta?”

Kumuha ng tubig mula sa ref ang dalaga. “Sa bahay ni Ella.”

“Kilala ko ba ‘yon?” kunot-noong tanong ni Kennie.

Nagbuntong-hininga si Mandy.

*Naku! Heto nanaman po kami!*

“Hindi pa.”

Magsasalita sana si Kennie pero inunahan ito ng kapatid.

“Makikilala mo rin ‘yon.”

May pagbabanta sa mga matang tinitigan niya ito.

“Don’t worry, Ate, she’s a nice friend.”

“Saan mo nakilala?”

“Sa party ni Bev,” mabilis na sagot ni Mandy.

“What’s she like?”

Nilapitan siya ng kapatid at inakbayan. “Ate, don’t be such a worry-wart. Papangit ka kung lagi kang ganyan... Besides, malaki na ako. I can think and defend for myself. Trust me.”

May panunuya sa ngiti ni Kennie. “I trust

you, baby sister. I don't trust your friends.” Muli siyang sumubo ng ubas. “I want her number, address, name of her parents, and plate number of her vehicle, kung meron man. Isulat mo sa notepad,” utos niya. Tumayo siya mula sa kanyang upuan. “Mely, pagtimpla mo ako ng juice. Huwag mong lalagyan ng asukal. Iakyat mo na lang sa kuwarto, ha?” aniya bago lumabas ng kusina.

“Si Ate talaga o! Sobra kung mag-react,” naiiling na sabi ni Mandy.

“Masyado lang nag-aalala,” sabi ni Mely. “Alam mo naman, ayaw niyang mangyari sa ‘yo ‘yung nangyari sa kanya. Mahal ka kasi.”

Nagkibit-balikat ito. “Ah, ewan!” Kinuha nito ang ballpen mula sa magnetic notepad na nakadikit sa ref at nagsimulang magsulat. “Hindi ko alam ang address nina Ella. Lalo namang di ko alam ang plate number ng sasakyan nila, ano! Number lang ang iiwan ko. Bigay mo kay, Ate,” bilin nito bago dinampot ang babauning pagkain. “Sige, alis na ako. Pakisabi kay Ate d’un na kami kina Ella manananghalian. Tatawag ako kung sakaling gagabihin ako.”

\*\*\*\*\*

Nakaharap si Kennie sa malaking salamin ng kanyang tokador. Beinte-sais na siya pero nakakapasa pa rin sa edad na beinte. Pero hindi na mapapansin iyon kapag kumilos na siya. Napaka-intimidating kasi ng personalidad ng dalaga isama pa ang tangkad na five foot eight inches.

Binuksan niya ang kanyang makeup kit at nag-umpisang ayusin ang sarili. Sinimulan niyang pulbusan ang mukha.

Maganda ang hugis ng mukha ng dalaga. Pinung-pino ang bawat anggulo. Mataas ang ilong, mataas ang buto sa may pisngi, pati baba ay napapansin dahil sa ganda ng hugis, bilog ang mga mata na lalong pinaganda ng mahahabang pilik at maayos na kilay.

Kung tutuusin, maamo ang mukha ni Kennie. Sinasadya niya lang patarayin ang dating niya sa pamamagitan ng paglagay ng makeup . Hinuli niya ang hugis-pusong labi. Dito siya ingat na ingat. Siniguro niyang walang lalampas sa linya at pino ang pagkakaguhit.

Sinunod niya ang pagsuklay sa maitim

na buhok na hanggang baywang, habang dinadaanan ito ng blower. Isang simpleng pagpusod lamang ang ginawa niyang ayos sa buhok. Muli niyang pinag-aralan ang mukha. Napangiti siya, sabay talikod sa salamin at nag-umpisang magbihis para pumasok sa trabaho.

Nasa kalagitnaan na ng traffic ang kotse ni Kennie at halatang-halata na sa kanyang mukha ang pagkainip. “Hindi ba tayo puwedeng mag-detour? Mahuhuli na ako,” anas niya habang binababa ang bintana ng kotse.

Napalulon sa kaba ang driver, naisip na tiyak mapagbubuntunan na naman ng init ng ulo ng dalaga. “Ma’am, may nakaharang po sa lilikuan.”

“Edi businahan mo!” sigaw ni Kennie. “Tonto!”

Napailing na lang ang driver. *Maganda ka nga, suplada ka naman!* Pinagmasdan nito mula sa salamin ang among nakakunot ang noo. *Ewan ko ba kung bakit nagtitiyaga ako sa iyo!*

\*\*\*\*\*

Taas noong pumasok si Kennie sa opisina. Biglang tumahimik ang isang grupo na

masayang nagkukuwentuhan.

“Good morning, Miss Ocampo!” masayang bati ni Henry, isa sa mga managing agents ng kompanya. Payat ito at malamyang kumilos, nasa treinta na ang edad pero bata pa ring tingnan. “Looking good!” pahabol nito habang tuloy-tuloy lang si Kennie patungo sa pribadong opisina na parang walang narinig o nakita. “Aba! Snobbed na naman ang beauty ko!” taas-kilay na bulalas nito.

“Hmp! Balang araw, kakarmahin din siya!” sabi naman ni Lalaine. Marami silang pagkakatulad ni Henry, bukod na sa pareho sila ng posisyon nito at edad, pareho nilang kinaiinisan si Kennie. Sumimangot ang babae. “Matisod sana siya at bumagsak na una ang mukha!”

“True!” sang-ayon ni Henry.

Ngumiwi ang mukha ni Margareth. “She’s really a good person once you get to know her,” pagtatanggol nito sa kaibigan. Sa lahat ng mga tao sa kompanya, tanging ito lang ang nakakasundo ni Kennie. Marahil dahil parehong executive managers.



“Duh?” irap ni Henry. “Ewan ko ba kung paano at bakit mo nakakasundo si Kennie! She’s absolutely impossible! Ma-ere! Maarte! Supladita! Maldita!”

“Pagpasensyahan n’yo na lang, baka stressed lang ‘yung tao,” pakiusap ni Margareth.

“Stressed?” nayayamot na ulit ni Lalaine. “Ibig mong sabihin, since nagtrabaho siya, stressed na siya?”

“Hindi,” natatawang hirit ni Henry. “Pinaglihi lang talaga siya sa stress.” Humalakhak ito nang malakas.

“Come on, give her a chance. Masyado lang busy iyan kaya hindi na siya halos namamansin.”

“Oo nga naman, give her a chance,” nang-uuyam na pagsang-ayon ni Henry. Umirap ito. “Margarita, limang taon na naming pinagpapasensyahan ‘yan!”

Nagkibit-balikat ang babae. “Siguro ang pinakamagandang gawin n’yo, huwag n’yo na lang pansinin. Tatal, iniisnab kayo, isnabin n’yo na rin para patas.”

Kinaway ni Lalaine ang daliri sa harap ng mukha ni Margareth. “No, no, no,

no, no,” mabilis na pagbigkas nito. “Ang pinakamagandang mangyari ay mawala na siya!”

Tumawa si Henry. “Ay, perfect!”

“Ang bad n’yo talaga!” bulalas ni Margareth. “Huwag n’yo na ngang pansinin ‘yan! Susme! You’re letting one person stress you out. Baduy ninyo ha!”

Umirap si Lalaine. “Naku, sorry ha! Parang hindi lang naman naapektuhan ang working atmosphere, eh,” sarkastikong sabi nito. “Parang hindi lang naman siya KJ ‘no!”

Hinarap ni Henry si Margareth. “Sa totoo lang, may limitations ang pasensya ko. Mabait pa nga ako at nakuha kong pagpasensyahan nang limang taon ‘yan. Kung paano ko nagawa ‘yon? Aba! Hindi ko alam! Siguro totoo ngang may divine intervention!” singhal nito. “At kung paano mo nakakasundo ‘yan for years, aba! Hindi ko rin alam! Siguro kung namatay ka, kapag hinukay ang libingan mo after fifty years, buo pa rin ang katawan mo at puwede ka nang i-delcare na santa because of your martyrdom.” Tumayo ito mula sa inuupuang mesa at huminga nang malalim. “Ayoko na

siyang pag-usapan. Thinking about her might give me premature wrinkles!” Pumalakpak ito. “Okay, girls, tama na nga ang chika. Ayusin na natin ang itinerary para sa weekend trip.”

Napailing na lamang si Margareth at napatitig sa pintuan ng opisina ni Kennie. Naisip nitong kausapin ulit ang kaibigan tungkol sa mga nagiging reaksyon ng ibang mga empleyado.

*God! Make this the last time I'll be doing this!* dasal nito. Ilang beses na nitong kinausap ang kaibigan na magbago, pero nanatiling matigas.

Naglakad si Margareth patungo sa opisina at kumatok. “May I come in?”

Walang sumagot.

Binuksan nito ang pintuan at sumilip sa loob. Nandoon si Kennie, nagbabasa ng diyaryo.

“Papasok na ako.”

Isang masayang ngiti ang sinalubong ni Kennie sa kaibigan. “Hey, Margie!” bati ng dalaga habang binubuksan ang ilang mga bintana sa opisina.

Tumawa si Margareth pero nandoon pa rin ang kaba. Dalawang bagay lamang ang

maaaring mangyari sa magiging usapan nilang magkaibigan—It’s either she’ll finally listen or be as stubborn as hell.

“Sus! Ang lakas-lakas ng aircon, tapos bubuksan mo lang ang bintana mo,” tawa nito.

“Ano’ng balita?”

Huminga ito nang malalim. “I’ll get straight to the point... Your attitude is really pissing off the staff.”

Isang malakas na tawa ang binitawan ni Kennie. “Oh, that issue again. Tell me something I don’t know. Whatever that is, I’m sure that it’s the same old shit.”

“Something like that. Plus you’re a snob, irascible, ill-tempered, things that you already know.” Naupo ito sa mesa.

“Like I said—the same old shit.” Nagkibit siya ng balikat. “Well, I am not known as the witch of *Summit Estate, Inc.* for nothing,” mayabang na pahayag niya.

“Ining! Hindi ‘yan ang klaseng material na dapat ipagmalaki!” Tinalikuran siya ng kaibigan at dumungaw sa bintana. “I’m warning you, Kennie, baka dumating ang araw

na kakailanganin mo ang tulong ng mga tao sa paligid mo at walang sasalba sa 'yo. Kennie, look at yourself. You have beauty and brains, but that attitude of yours is destroying you to the core!”

Napakurap siya bago ngumiti, nagkunwari na naapektuhan siya nang husto. “Wow! Those are new insights coming from you,” seryoso ang tinig ng dalaga. Marahan niyang tinapik ang kamao sa kanyang dibdib. “Grabe! Natamaan ako! Deretso sa puso!” Pati mukha niya ay seryoso. Sandaling nanaig ang katahimikan at bigla siyang tumawa.

Napailing si Margareth at isang maanghang na ngiti ang ibinigay sa kaibigan. “Kennie, you can't drive everyone away. Kahit na patayin mo ang lahat ng tao na gustong maging malapit sa 'yo, you can't change the past.” Huminga ito nang malalim na tila nag-iipon ng lakas para masabi ang susunod na sasabihin. “Please, bago lumala ang sitwasyon, why don't you consider talking to someone?”

Nagdilim ang paningin ni Kennie. “What are you saying?” maanghang na sikmat niya.

“Please don't take this the wrong way, pero

it will help a lot if you seek professional help and—”

“Ano’ng akala mo sa akin? Baliw?”

Sinikap pa rin ni Margareth ang maging mahinahon. “Kennie naman eh, pagtatalunan na naman ba natin ‘to? Seeing a psychologist does not mean that you’re crazy. Ikaw lang ang—”

“Get out of my office.” Malamig ang tono ng boses ng dalaga.

Pinagmasdan siya ni Margareth. “Pasensya ka na. I was just trying to help.” Tinalikuran siya ng kaibigan at lumabas ng opisina.

## 2

Inayos ni Adrian ang pagkakasunod-sunod ng mga litrato sa kanyang clearbook. Sumulyap siya sa kanyag relo. Wala pang alas onse.

“Wala pa ‘yon,” natatawang sabi ni Ralph, ang partner niya sa trabaho at matalik na kaibigan. “Bilib din ako sa ‘yo. Sa lahat ng mga torpe na nakilala ko, ikaw ang pinakamatinih.” Nilapitan siya nito at tinapik sa may balikat. “Ang di ko maintindihan sa ‘yo, kabisado mo naman kung anong oras siya dumadaan, ba’t hindi mo sundan kung saan pumupunta? O sabayan mo kaya para makilala mo.” Inagaw nito ang ang clearbook na hawak ng kaibigan.

“Uy! Ano ba?” Pilit niyang inaagaw muli ang clearbook.

“Patingin lang, eh!” Binuklat nito ang mga pahina at puro mga litrato ng babae ang laman. “Bilib ako sa devotion mo. Pero walang mas hihigit sa pagkabilib ko sa katorpehan mo. Magandang lalaki ka naman, so ano’ng kinatatakutan mo?”

Totoo ang sinabi ni Ralph. Napakalambing ng mga mata ni Adrian, matangos ang ilong

at hugis-puso ang labi. Halos bawat angulo ng mukha ay parang pinagpuyatan ng Diyos na hubugin para maging ganap na perpekto. Napakaitim ng buhok ng lalaki, makinis ang kayumangging kutis at matangkad.

“Naghihintay lang ako ng tamang tiyempo,” pagdadahilan niya.

“Kelan pa?” sarkastikong tanong ng kaibigan. “Sa sobrang bagal mo, baka tubuan ka na ng puting buhok. Beinte-nueve ka na, pare. Baka nakakalimutan mo.”

“Kung ikaw kaya ang nasa kalagayan ko,” hamon niya. “I’m sure, you won’t even have the guts to look out this window to look at her.”

Naupo si Ralph sa may bintana. “If I were in your place, I won’t only watch her from this window... taking her pictures from this window.” Tumuro ito sa may banda ng pedestrian lane. “I’ll be waiting for her there. Walk with her, and follow her. If I’m lucky, kakausapin ko. Kakapalan ko ang mukha ko. Mahina ka, p’re!” tawa nito. “Good luck na lang sa ‘yo. Anyway, balik muna ako sa dark room. Baka tuyo na ‘yung mga prints ko. Sige!”



*Breaking the Ice by Hannah Lavillah*

---

Hinintay ni Adrian lumabas ng opisina ang kaibigan bago niya binuksan ang tokador at nilabas ang isang kahon na naglalaman ng espesyal na papel at ilang mga liham na isinulat niya dati pa. Kinuha niya ang paboritong fountain pen at nagsimulang magsulat.

*My life has become a routine ever since I laid my eyes on you. You are the most beautiful creation I have ever seen.*

*The clock is my friend. Every movement of its hand makes me look forward to the time when you would appear. And when you do, I'll watch your every stride. I imagine myself laughing with you and holding your hand... Yet all I can do is dream. All I can do is wait for you to appear and watch you walk by my window. I don't even know your name and you don't even know that I exist.*

*Yes, I want to have your name flow out of my lips repeatedly. I want to walk the same path you do. How I would love to call out and get your attention when I see you. How I wish I have the courage to let you catch my eyes gazing at you lovingly. I could have done those but something about you makes me love and fear you at the same*

time.

*All I can do now is just stare and dream of you from afar. Write you letters which you may never get to read.*

*Adrian*

\*\*\*\*

“Sorry, Ralph,” sabi ni Adrian habang tinutuhog ang kinakaing steak. “I am never going to handle an account with *Heights Modelling School*. Ang hilig-hilig nilang mag-book nang last minute tapos gusto nila na lumabas ang mga litrato in a week? Buti sana kung tipong kaunti lang ang kinukuhanan. Eh, thirty-six shots per model. Tapos at least ten models ang pinapadala?” naiinis na reklamo niya. “Ibigay mo na lang sa iba... Basta! I don’t like working with *Heights* anymore. Matutuyuan ako ng dugo... Anyway, saka na natin pag-usapan. Baka hindi ako matunawan dahil diyan... Okay, ’bye.” Tinabi niya ang cellphone at tinuloy ang kinakain.

“Kung hindi ka ba naman inutil, di ba sabi ko guyabano juice?”

Susubo na sana si Adrian nang marinig niya ang tinig ng isang babae mula sa likod. Pinakinggan niya ang usapan.

“Ano ba ang natapos mo at parang hindi ka makasunod ng instructions?” bulalas nito.

Matindi ang pamumula ng kawawang waiter. “Pasensya na po kayo. Papalitan ko na lang po.”

“Talagang papalitan mo!”

Kinuha ng waiter ang baso at umalis.

Hindi natiis ni Adrian ang pagsagot. “That was a bit rude,” may kalamigan niyang sinabi at nilingon ang babae.

Biglang nanghina ang buong katawan ng binata nang harapin siya ng babae. Ito ang matagal na niyang sinusubaybayan. At ngayong nasa harapan na niya ay hindi niya makuhang magsalita.

“Mind your own business in the future, okay?” sabi nito.

*God! What a way to start a conversation!*

Medyo hinila niya ang kwelyo para makahinga. Sa sobrang kaba ay parang may malaking bola na nakaharang sa kanyang lalamunan.

*Come on, Adrian! Say something!*

Biglang nanuyo ang kanyang lalamunan. Agad niyang inabot ang baso ng tubig sa tabi at ininom ito.

Pinagpatuloy ng babae ang kinakain. Dumating naman ang waiter, dala-dala ang inumin. “Tama na ‘yan, ha?”

“Yes, Ma’am.”

“Alis!” pagtataboy nito.

Pinagmasdan ni Adrian ang kinakain at biglang nawalan ng gana.

*Masama lang siguro ang araw... Isa pa, ang mahal ng pagkain dito, she deserves excellent service for her money.* Huminga siya nang malalim at muling nilingon ang estranghera. “H-hi, ako si Adrian.”

Nagtaas ito ng kilay. “Like I care,” malamig na bigkas nito. Hindi man lang siya nilingon.

Huminga nang malalim si Adrian. Hindi niya akalain na antipatika pala ang nasa likod ng mala-anghel na mukha. Dinampot niya ang table napkin at pinunasan ang pinagpapawisan niyang mga kamay. Muli niyang nilingon ang

babae, pero hindi niya nakuhang magsalita. Huminga siya uli nang malalim at naalalang bigla ang sinabi ni Ralph nang umagang iyon.

*Here goes nothing.*

Dinampot niya ang pinggan at inumin at lumipat sa kinauupuan ng babae.

“What the hell do you think you’re doing?” nanlalaki ang mga matang tanong nito.

Sinikap ni Adrian ang ngumiti. “Mukhang wala kang kasama.”

*Keep cool... Keep cool*, paulit-ulit niyang sinabi sa sarili. Halos naririnig na niya ang lakas ng pagpintig ng puso sa sobrang kaba. “Ang boring kasi kung kumakain ka nang walang kausap. I hope you don’t mind me joining you.”

Nanggigigil sa inis ang kausap. “Actually, I do mind.”

Naramdaman niya ang pag-init ng mukha. Hindi niya malaman kung tatayo na lang at huwag nang bumalik sa restaurant na iyon o manatili doon at magpakamartir sa pagtrato sa kanya ng babae. Napatitig siya sa mukha nito. Ngayon lamang niya napagmasdan nang ganoon kalapit ang kagandahan ng estranghera.

Napagpasyahan niyang tapatan ang katarayan nito sa mas sibilisadong paraan.

“If you’re going to sit there, aalis na lang ako!” galit na bulalas nito, sesenyasan na sana ang waiter nang marinig siyang tumawa. “What the hell is your problem?”

Pilit na tinago ng binata ang kaba. “Listen, Miss, I’m sure you came from a very reputable background. I hope that behind your pretty face is a civilized bone.”

Hindi makapaniwala si Adrian sa mga salitang binitawan niya. *Oh shit! Now I’m dead!*

Nabigla ang kausap. “Iniinsulto mo ba ako?”

Umiling si Adrian. “Not at all, Miss. You’re the one who’s insulting yourself.” Muli siyang nagulat sa sinabi. Masuwerte pa siya at hindi pa siya sinasampal ng kausap.

Napahinga nang malalim ang babae. “Look—”

“Our first encounter is rather rough,” mahinahong putol niya. Dahan-dahan siyang nagsalita, sinisiguro na wala na siyang masasabing mali. “Why not start over and be civilized having lunch?” Inalok niya ang

kanyang kamay. “Ako si Adrian Corpus. And you?”

\*\*\*\*\*

Sa unang pagkakataon ay naramdaman ni Kennie ang pagkatalo. Pakiramdam niya ay biglang gumuho ang isang gilid ng kanyang pader na maingat niyang itinayo. Kinamayan niya ang lalaki at ngumiti, pero nasa likod pa rin ng kanyang mga mata ang galit. “Kennie Ocampo.”

“It’s a pleasure to meet you.”

Napasinghal si Kennie. “I’m afraid I can’t say the same thing.”

Kaswal na inilagay ni Adrian ang table napkin sa kandungan. “Masarap pala dito. Ngayon lang kasi ako dito kumain.”

Tumangon lamang ang dalaga at ipinagpatuloy ang kinakain. Tiningnan niya ang lalaki. Hindi niya mapapagkakaila na napakaguwapo nito. Mukhang mabait.

*Mukha lang!*

“Madalas ako sa mga fastfood naglu-lunch. Kasi nga fast food.”

Pinigilan niya ang sarili sa pagngiti.

*May sense of humor kahit papaano.. .Corny nga lang.*

“Nakakasawa rin sa fastfood,” pagpapatuloy nito. “Madalas ka ba dito?”

Tinanguan lang niya ito.

Tumuro si Adrian sa mataas na gusali na katapat ng kinakainan. “That’s where I work,” pahayag nito. “Nakakatawa nga, eh. Kung saan-saan pa ako pumupuntang restaurant, dito lang pala sa tapat ang masarap kainan.” Sumubo ulit ito. “You should try the steak! Sarap!”

Isang maliit na ngiti ang binitawan ng dalaga.

*Very persistent. How impressive.*

“Didn’t your mother tell you that it’s rude to stare?” malamig niyang sabi nang mapansing tinititigan siya ng lalaki.

Yumuko ito para kunin ang pitaka at dumukot ng calling card. “I’m a photographer. Kung kailangan mo ng services ko, from photographs to video footages, you can call or drop by the office.”



Tinanggap naman ni Kennie ang card at walang kalatuy-latoy na hinulog sa kanyang bag.

Nag-isip pa ito ng masasabi. “Mukhang manipulated ko na ang conversation... S-so ano’ng ginagawa mo?”

“Humihinga.” Nadoon pa rin ang kalamigan sa kanyang tinig.

“You have a cute sense of humor,” tawa ni Adrian. “Hindi nga. What do you do for a living?”

“Real estate.”

Pinanood siya ng kaharap, halatang hinihintay siyang magdagdag ng impormasyon.

“Ang tipid mo namang sumagot. Please, tell me more about yourself.”

Inangat ni Kennie ang kanyang mga mata mula sa kinakain. Mga maamong tingin ni Adrian ang sumalubong sa kanya. Malambing ang pagkakangiti nito. Sa hindi malamang dahilan ay naramdaman niya ang panlalamig ng katawan. Habang tumatagal ang pagkatitig niya dito ay parang unti-unting minamartilyo ang puso siya. Nag-iwas siya ng tingin.

“T-tulad ng?” Sa unang pagkakataon ay narinig niya ang sarili niya na nautal sa pagsasalita. Nabigla siya.

“ ‘Yung slam book type of information. Name, nickname, age, address, favorite color, hobbies, who is your crush, what is your favorite motto... ‘Yung ganoon,’ biro nito.

Sa pagkabigla ay napatingin siyang muli kay Adrian. Matagal niyang tinitigan ang lalaki. Hindi niya malaman kung ano ang iisipin tungkol dito. Napakagat siya sa kanyang labi at saka tumawa. “You are a very strange man!”

“It’s part of my charm... I hope.” Nginitian nito si Kennie na animo batang nakikiusap. “So, will you tell me more about yourself?”